



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 4

Pebrero 21, 2007

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Batas sa terorismo, ibasura

Maring kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong sambayanang Pilipino ang garapal na pagtutulak ng rehimeng US-Arroyo na maisabatas


ang "anti-terror bill" (ATB). Isa itong tahasang pasistang hakbanging walang ibang layunin kundi gamitin ang buong bangis ng estado para supilin at durugin ang mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa at sinumang kumakalaban o tumututol sa naghaharing papet at reaksyunaryong rehimen at sistema.

Pinagtibay ng Mababang Kapulungan ng Kongreso sa isang esesyal na sesyon nitong Pebrero 19 ang ATB, na kabalintunaang tina-

wag na Human Security Act (HSA) of 2007. Sinamantala ni Arroyo ang kontrol niya ngayon sa mayorya ng Kongreso para madaliin ang pagpapatibay sa ATB upang magamit na niya ito para supilin ang matitinding protestang tiyak na sisiklab pagkatapos ng Mayo laban sa malawakang pandarayang gaganwin ng Malakanyang sa eleksyon.

Labis na pinasasaklaw ng HSA ang depinisyon ng "terorismo." Nagpapataw ito ng mga kaparusahan at restriksyon sa mga karapatang kahit ng mga pinagsususpectsahan lamang na "terorista" na pawang labag sa mga saligang karapatang sibil sa ilalim ng kasalukuyang konstitusyon.

Inilalagay nito sa kamay ng mga pasistang upisyal ng rehimeng Arroyo ang kapangyarihang supilin ang pinakabatayang mga karapatang ng mamayuan sa ngalan ng "anti-terorismo." Pangungunahan ng mga myembro ng sagadsarsing pasistang Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) ang Anti-Terrorism Council. Magsisilbi lamang bilang dagdag na ligal na tabing ang HSA sa



**Mga tampok
sa isyung ito...**

Ang mapanupil
na Human Security Act
of 2007
PAHINA 3

Kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas,
kalunus-lunos PAHINA 4

Ang papalalang
global warming
PAHINA 9

dati nang ginagawang pag-uutos at pagdidirihe ng COCIS ng mga karumal-dumal na pagpaslang, pagdudok at pamamasista sa mga aktibista at iba pang itinuturing na kalanban ng rehimene.

Sinasapawan at pinawawalang-saysay ng HSA ang anumang nau-nang mga batas at signipikanteng probisyon ng konstitusyon hinggil sa mga karapatang sibil, karapatang-tao, proseso at papel ng sistemang hudisyal. Mas maraming upisyal ng militar at gubyerno, halimbawa, ang pinagkakalooban ng kapangyarihang iutos o irekomenda ang pag-aresto o panggigipit sa mga binabansagang terorista.

Malinaw na pakay ng HSA na sindakin ang mamamayan upang pigilin ang malayang paghahayag ng kanilang mga hinaing at paggiit ng kanilang karapatan. Pinapawi nito ang anumang sagka sa malawakang pangungurakot, walang pakundangang panunupil at sukduLang pagpapakapapet ng rehimeng Arroyo. Pinakatarget nito ang mga pwersang patriyotiko at progresibo kabilang ang mga partidong lumalahok sa elekson. Mangyari mang muling makaupo ang kanilang mga kinatawan sa Kongreso, gagamitin

Malinaw na pakay ng HSA na sindakin ang mamamayan upang pigilin ang malayang paghahayag ng kanilang mga hinaing at paggiit ng kanilang karapatan. Pinapawi nito ang anumang sagka sa malawakang pangungurakot, walang pakundangang panunupil at sukduLang pagpapakapapet ng rehimeng Arroyo.

ang bagong batas para sila'y mai-kulong, mailigpit o magipit sa mga gawa-gawang batayan.

Ang pagsasabatas ng ibayong mapanupil na HSA ay lalo pang pagpapailalim sa pandaigdigang "gera laban sa terorismo" ng rehimeng Bush at pagtitiyak ni Arroyo ng patuloy na suporta ng imperyalismong US sa kanyang rehimene. Sa pagpuksa o pagsupil sa mga demokratiko, progresibo at anti-imperialistang powersa, mas matitiyak din ang pagpapatupad ng higit pang mapang-abuso at mapang-aping mga patakaran sa ekonyoma para lalo pang madambong ng mga imperyalista ang likas na yaman ng Pilipinas at mapiga ang masang manggagawa at magsasaka at mga panggitnang uri.

Ibayong pasistang lagim ang

nagbabadya sa pagsasabatas ng HSA. Asahang ibayong magiging malupit ang panunupil laban sa mga aktibistang kumikilos sa ligal na larangan, dadami ang kaso ng kara-karakang pag-aresto, lalong titindi ang sistematikong pagsupil sa mga rali at iba pang kilos protesta, ang arbitraryong panghahalughog at iba pang pagsikil sa mga karapatang sibil. Sa ilalim ng tinatawag na "gera laban sa terorismo," lalo pang lulubha ang mga kaso ng pamamaslang at pagdudok. Sa katunayan, ang HSA ay magsisilbing ligal na katwiran sa paghahasik ng mas masahol, mas malawakan at mas lantarang terorismo ng estado laban sa mama-mayan.

Mahigpit na tungkulin ng demokratiko at rebolusyonaryong kiusan na gawin ang lahat ng narrapat na pamamaraan para tutulan at labanan ang HSA at ang paghahasik ng terorismo ng estado. Ang pagsasabatas nito ay kailangang tutulan sa pamamagitan ng malanganap, malakas at puspusang paglaban ng malawak na mamamayan. Kaalinsabay ay sasalubungan ito ng ibayong maigting at malawakang pakidigmang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan bilang ambag sa magiting na pakikibaka ng mamamayan para ibagsak at parusahan ang pinakamalalaking pasistang utak at tagapagpatupad ng mga pampulitikang pamamaslang, malawakang terorismo at iba pang karumal-dumal na paglabag sa karapatang-tao.

AB



Taon XXXVIII Blg. 4 Pebrero 21, 2006

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editorial	1
Ang Human Security Act of 2007	3
Pananalanta ng pasistang estado	
Ang karapatang-tao sa Pilipinas	4
Paglabag sa karapatang-tao ng mga minorya, sinisiyasat ng UN	5
Upisyal ng Bayan Muna, pinaslang	5
Gawa-gawang mga engkwentro sa Sulu	6
Matatagumpay na opensiba ng BHB	
4 na ambus, inilunsad ng BHB	7
Sabwatang Arroyo-Akbayan	7
Makinarya at pondo sa pandaraya,	8
Ang "Team Unity" ni Arroyo	8
Mga korporasyon sa US, nagpapalala sa <i>global warming</i>	9
Ang puno't dulo ng <i>global warming</i>	10
Balita	11

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Ang mapanupil na Human Security Act of 2007

1 Lubhang pinasaklaw ang de-pinisyon ng "terorismo."

Ituturing na terorismo ang mga komon na krimen na ang layunin ay "mag-udyok at lumikha ng laganap at di pangkaraniwang takot sa mamayan upang pwersahin ang gubyerno na ibigay ang isang kahilingang labag sa batas." Nakasaad sa Seksyon 17 na maaaring ipadeklara ng Department of Justice na "terorista" sa anumang rehiyunal na korte ang anumang organisasyong nagsasagawa ng mga "akto ng terorismo."

Hahatulan ng habambahay na pagkabilanggo ang sinumang mapatutunayang gumawa ng krimen ng terorismo. Hahatulan din ng habambahay na pagkabilanggo ang sinumang mapatutunayang kasabwat sa krimen. Ang mga akse-sori sa krimen ay sesentensyan ng di bababa sa 17 taon.

2 Pagratong kriminal sa mga

pinaghihinalaan. Taliwas sa mga garantiya ng Konstitusyon ng 1987, kahit pinaghihinalaan pa lamang, ang isang indibidwal ay maaaring arrestuhin nang walang mandamyento mula sa korte at ipi-it nang walang taning. Maaari siyang ilagay sa *house arrest* kung "walang matibay na ebidensya" la-

ban sa kanya.

Pag-aresto nang walang mandamyento at walang taning na detensyon. Alinsunod sa Seksyon 18, ang mga pinaghihinalaang indibidwal at mga myembro ng mga organisasyong idineklarang terorista ay maaaring arrestuhin nang walang mandamyento at ikulong nang hanggang tatlong araw nang hindi kinakasuhan. Taliwas din sa probisyon ng konstitusyon nagsasaad na korte lamang ang may kapang-yarihang mag-utos ng pag-aresto at detensyon, kakailanganin lamang ng PNP ang nakasulat na kautusan ng Anti-Terrorism Council upang arrestuhin at ikulong ang isang suspek. Alinsunod naman sa Seksyon 19, sa panahong may aktwal o nakaamba umanong teroristang atake, maaari pang palawigin nang lampas sa tatlong araw ng sinumang upisyal ng gubyerno ang detensyon ng suspek.

Restriksyon sa paglalakbay at komunikasyon.

Sa Seksyon 26, maaaring magpyansa ang isang suspek ngunit maaaring ilimita ang kanyang karapatang maglakbay sa loob lamang ng kanyang tinitirahanhang munisipalidad o syudad. Maaari rin siyang ipailalim sa *house arrest* at pagbawalang gumamit ng telepono, kompyuter o *internet* o anumang paraan ng pakikipag-ugnayan kaninuman labas ng kanyang pamamahay. Isa itong anyo ng detensyon *incommunicado* na ipinagbabawal din sa konstitusyon.

Surbeylans at paninikitik.

Alinsunod sa Seksyon 7, maaaring ipailalim sa surbeylans at paninikitik ang sinumang pinaghihinalaan at/o inaakusahang indibidwal, mga organisasyong idineklarang terorista

at mga indibidwal na myembro nito at maging ang mga pinaghihinalaang kasabwat nila. Kung awtorisado ng korte, maaaring pakinggan, harangin, o irekord ng mga ahensiya ng gubyerno ang lahat ng komunikasyon, mensahe, pag-uusap, diskusyon at sulatan sa pagitan ng mga myembro ng mga organisasyon, asosasyon o anumang grupong idineklara nang terorista o sinumang pinaghihinalaan at/o kinasuhang indibidwal.

Kumpiskasyon ng pondo at mga ari-arian.

Alinsunod sa parihintulot ng Court of Appeals, maaaring usisain at buksan ng mga ahensiya ng gubyerno ang rekord ng lahat ng mga *bank account*, deposito at rekord ng sinumang pinaghihinalaan at/o kinasuhang indibidwal, mga organisasyong idineklarang terorista at mga indibidwal na myembro nito. Maaari ring mangalap ng impormasyon hinggil sa mga *bank account*, deposito at iba pang pinansyal na rekord na may kaugnayan sa pondo at ari-arian ng pinaghihinalaan o inaakusahang indibidwal o grupo. Alinsunod sa Seksyon 39, maaaring kumpiskahan, isekwester o hawakan ng korte ang mga deposito sa bangko at iba pang pinansyal na ari-arian ng sinumang suspek.

3 Pagbubuo ng Anti-Terrorism

Council. Alinsunod sa Seksyon 53, bubuuin ang Anti-Terrorism Council (ATC) na siyang magpapatupad ng batas na ito. Ang ATC ay kabibilangan ng sumusunod na mga upisyal: Executive Secretary, mga kalihim ng Department of Justice, Defense, Foreign Affairs, Interior and Local Government at Finance at ng National Security Adviser. Magsisilbing kalihiman ng ATC ang National Intelligence Coordinating Agency. **AB**





Kalunus-lunos ang kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas—UN rapporteur

Nakatakdang isapubliko ngayong Pebrero 21 ni Phillip Alston, United Nations Special Rapporteur on Extrajudicial, Summary or Special Executions, ang panimulang resulta ng kanyang imbestigasyon kaugnay ng laganap at sistematisong pamamaslang ng mga aktibista at kanilang mga tagasuporta sa Pilipinas. Ito ay matapos ang sampung araw na pakikipagpulong at pakikipagtalakayan niya sa iba't ibang grupo sa bansa—kabilang ang matataas na upisyal ng AFP at ng rehimeng Arroyo at mga kinatawan ng Karapatan at mga kamag-anak ng mga biktima.

Itinuturing ni Alston na mabunga ang kanyang pakikipanayam sa mga kamag-anak ng mga biktima at Karapatan, at nagdeklara siyang sapat-sapat na ang kanyang nakalap na impormasyon upang magbuo ng ulat at maghapag ng mga rekomendasyon sa United Nations Human Rights Council. Pinabulaanan niya ang akusasyon ni Justice Secretary Raul Gonzales na na-brain-wash siya ng mga makakaliwang kongresista at mga organisasyong nagtaguyod sa karapatang-tao sa mga pakikipagpulong niya sa mga ito.

Sa unang mga araw ni Alston sa Pilipinas, nakipagpulong siya sa mga kinatawan ng gubyerno. Kabilang sa mga ito ang mga myembro ng gabinete ni Arroyo, mga upisyal mula sa Human Rights Commission at maging ng matataas na upisyal ng PNP at AFP. Nakipagpulong din siya sa mga kinatawan ng Korte Suprema.

Nitong bandang huli na lamang ng kanyang imbestigasyon nakausap ni Alston ang mga pamilya ng

mga biktima at mga organisasyong nagtatanggol sa karapatang-tao. Nagkaroon siya ng pagkakataong makapanayam ang mga pamilyang ito sa Metro Manila, Baguio at Davao City.

Sa imbestigasyon ni Alston sa Baguio City, inilahad kay Alston ng Hustisa, Cordillera Peoples Alliance at Cordillera Human Rights Alliance ang naisadokumento nilang di bababa sa 20 kaso ng pamamaslang sa mga pambansang minorya mula 2001. Ipinasisiyasat ng mga organisasyong ito kay Alston ang naging kondukta ng rehimeng implementasyon nito ng anti-mamamayang Oplan Bantay Laya. Kinumpirma naman ng Commission on Human Rights (CHR) sa Cordillera na sangkot ang ilang mga sundalo at pulis sa mga pamamaslang.

Noon namang Pebrero 18, may 30 pamilya mula sa iba't ibang rehiyon ng Mindanao ang nagtipuntipon sa Davao City upang maglähad ng kanilang mga testimonya kay Alston. Inihapag ng Karapatan-Southern Mindanao ang kanilang nakalap na datos at ebidensya sa 20 kaso ng paglabag sa karapatang-tao.

Sinabi ni Alston na "kalunus-lunos" ang kalagayan ng karapatang-tao sa bansa at hirap na hirap ang kalooban niya habang pinakiinggan ang mga salaysay ng mga pamilya ng mga biktima.


Ulat ng Melo Commission, itinatago. Sa kabilang pagpapahayag ng rehimeng wala itong pa-

nanagutan sa mga pampulitikang pamamaslang, ninais nitong ipagkait sa mamamayan ang ulat ng Melo Commission. Kinatatakutan ni Arroyo na lubos na busisiin ang ulat na ito, malantad ang ginagawa nilang pagtatakip sa krimen at mabulatlat ang tuwirang responsibilidad niya at ng kanyang matataas na upisyal-militar.

Kabilang ang UN Commission on Human Rights at ang European Union sa mga nais sanang pagkaitan ng rehimeng kopya ng ulat.

Nadagdag naman sa mga nanawagan para sa paglalabas ng ulat si na Bishop Oscar Cruz at Bishop Antonio Ledesma ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP). Bunga ng matitinding batikos, nitong huli ay pumayag ang Malakanang na isapubliko na ang report ng Melo Commission.

Paparaming biktima, papalawak na batikos. Sa pangunguna ni Papal Nuncio Fernando Filoni, dumating sa Pilipinas nitong Pebrero 20 ang 15 kinatawan mula sa iba't ibang bansa sa European Union at Canada upang siyasatin ang lumalang kalagayan ng karapatang-tao sa bansa at mag-alam tungkol sa Melo Report. Inimbitahan din sila ni Gloria Arroyo sa desperadong tangka nitong pabanguhin sa internasyunal na komunidad ang kanyang rehimeng. Hinarap sina Archbishop Filoni ng matataas na upisyal ng gubyerno at ng AFP at pinangakuan na bibigyan ng kopya ng ulat ng Melo Commission at iba pang mahahalagang dokumento. Ngunit sa halip na talakayin ang





mga kaso ng pamamaslang sa bansa, ipinagdinin lamang ng AFP sa mga kinatawan ang diu-mano'y ugnayan ng ligal na kilusang masa at ng Partido Komunista ng Pilipinas at BHB. Nagbigay lamang sila ng mga dahilan upang pagmukhaing lehitimo ang mga pampulitikang pamamaslang sa bansa.

Kasabay nito, kinundena rin ng Public Services International (PSI), isang pandaigdigang pederasyon ng mga unyon, ang mga pampulitikang pamamaslang sa bansa. Inihahalintulad ng PSI ang Pilipinas sa Colombia sa dami at tindi ng mga paglabag sa karapatang-tao. **AB**

Paglabag sa karapatang-tao ng mga minorya, sinisiyasat ng UN

Dumating sa bansa noong Pebrero 2 si Prof. Rodolfo Stavenhagen, "special rapporteur" ng United Nations para sa mga usapin ng mga minoryang mamamayan, upang imbestigahan ang mga bagong kaso ng pampulitikang karaasan at pamamaslang sa mga pambansang minorya.

Huling nagpunta sa Pilipinas si Stavenhagen noong 2002. Nagsumite na siya ng ulat noong Disyembre 2002 kung saan binanggit niyang malakas ang protesta sa mga komunidad ng mga pambansang minorya dahil sila'y pinatalayas, pinagnanakawan at pinagkakaitan ng mga rekursong likas na yamang taglay ng kanilang lupang ninuno. Kinundena rin niya ang direktang papel ng mga ahente ng estado sa pagyurak sa karapatang-tao at ang lumalaking bilang ng mga pamamaslang at pagdukot sa mga kaaway ng rehimeng Arroyo.

Dahil sa kanyang ulat, nagpanukala ang United Nations Human Rights Commission on Indigenous Issues noong 2003 ng mga rekondasyon para sa paggalang at pagtiyak sa karapatang-tao ng mga pambansang minorya at mga inaaping sektor. Sa kabilang nito, wala pang naipapasang batas ang Kongreso hinggil sa mga rekondasyong ito kahit napakarami nang panukalang batas kaugnay nito ang isinumite ng mga kongresistang kabilang sa Bayan Muna, Anakpawis at Gabriela. **AB**

Upisyal ng Bayan Muna sa Misamis Oriental, pinaslang

Apat katao ang pinaslang ng mga armadong galang may ng estado sa pinakahuling tala ng *Ang Bayan* ng mga paglabag sa karapatang-tao. Tampok sa mga biktima ang 74 anyos na upisyal ng Bayan Muna sa Misamis Oriental na pinatay nitong Pebrero 8. Naganap ang pamamaslang sa kabila ng presensya ng mga kinatawan ng United Nations sa Pilipinas para siyasatin ang kalagayan ng karapatang-tao sa bansa.

Pebrero 15. Walang awang pinaslang ng mga elemento ng *death squad* ng rehimeng Arroyo si Farly Alcantara, 22, kasapi ng League of Filipino Students (LFS) at dating tagapagsalita nito sa Camarines Norte. Binarilya ng limang beses sa ulo si Alcantara sa tapat ng Camarines Norte State College sa bayan ng Daet kung saan siya nag-aarial. Pang-apat na siya sa mga militanteng lider estudyante na pinatay sa Bicol mula 2001.

Pebrero 8. Pinaslang si Dalmacio "Tatay Daki" Gandinao, 74, *provincial coordinator* ng Bayan Muna sa Misamis Oriental at tagapangulo ng Misamis Oriental Farmers Association. Bandang alas-7 ng gabi, bigla na lamang pinasok ng isang armadong lalaki ang kanyang bahay sa Salay at malapitan siyang binarilya. Tinutukan at pinagbantaan din ang kanyang asawa na si Josefina, ang kanyang anak na si Eric at apo na si KC na noo'y kumakain ng hapunan.

Pinangunahan ni Tatay Daki ang maraming kampanya para sa pagpapalayas ng pwersa ng AFP sa Salay. Isa siya sa pinakamaririing tumututol sa pagtatayo ng mga detatsment sa kanilang mga komunidad.

Dahil sa pagkakapaslang kay Gandinao, muling ipinanawagan ng mga progresibo at demokratikong organisasyon ang pagpapalayas sa buong 8th IB na nasa Salay. Nagpasa naman ang sangguniang panlalawigan ng isang resolusyon kumukundena sa pagkakapaslang kay Gandinao.

Si Gandinao ang ika-114 nang myembro ng Bayan Muna na biktima ng pampulitikang pamamaslang mula nang maupo sa pwesto si Arroyo noong 2001.

Pebrero 3. Pinutol ang isang daliri sa kaliwang paa at pinagbubugbog ng mga elemento ng 302nd Scout Ranger Company si Jesus Anog, 28, isang magsasakang taga-Barangay Behind the Clouds, Sta. Cruz, Batuan, Bohol. Inakusahan ng mga sundalo si Anog na gerilya ng BHB. Katatapos lamang noon ng isang ambus ng



BHB sa Batuan laban sa Scout Rangers kung saan isang sundalo ang napatay at dalawa pa ang nasugatan.

Enero 25. Dinukot si Felicidad Katalbas, 53, *project officer* ng Negros Rural Assistance Program, Inc. (NRAP) na nakabase sa Dumaguete City. Dinukot siya habang nag-aabang ng bus sa haywey sa tapat ng Kabankalan District Hospital sa Negros Occidental. Ayon sa mga saksi, isang grupong pawang nakadmit-sibilyan ang pilit nagsakay sa kanya sa isang *van*. Pinaniniwalaang mga elemento ng ISAFP/MICO 6 ang dumukot kay Katalbas.

Enero 21-22. Dalawang sibilyan ang napatay at tatlo pa ang nasugatan sa ipinalalabas ng AFP na armadong engkwentro sa pagitan ng mga elemento ng 17th IB at ng Bagong Hukbong Bayan sa Barangay Caruppian, Baggao, Caga-

yan. Nagsasaka noon sina Edralin Gudoy at Alvin Fuentes nang walang pakundangan silang pagbabarilin ng mga sundalo. Natagpuan ng mga kapitbahay ang duguang si Fuentes at ang bangkay ni Gudoy sa kalapit na ilog. Habang inaakay nila si Fuentes upang dalhin sa ospital, muli silang pinaputukan ng mga sundalo. Tinamaan ulit si Fuentes, na agaran na niyang ikinamatay habang nadapisan sa braso si Sony Buco, isa sa mga tumutulong.

Inagaw ng mga sundalo ang mga bangkay at habang nakatingin ang mga residente ay pinatabi nila ang mga ito, nilagyan ng mga armas at iba pang personal na kagamitan at kinunan ng litrato upang pagmukhaing mga kasapi sila ng BHB. Tinakot ng militar ang mga residente at sapilitang pinalikas sa lugar.

Ayon sa nakalap na ulat ng mga organisasyon nagtatanggol sa karapatang-tao, nakuwas ang mga residente na bumalik sa kanilang mga tahanan kinabukasan upang pakainin ang kanilang mga alagang hayop at kumuha ng ilang kagamitan. Sampung residente ang naatasang bumalik sa kanilang baryo. Habang naghihintay ng kanilang mga kasama, pinaputukan ng militar ang nakaipon nang mga residente na karamihan ay kabataan. Dalawang babae, sina Rosemarie Tomas at Aileen Quintos ang tinamaan sa pamamaril.

Pinagpipilitan ng AFP na mga myembro ng milisya sina Gudoy at Fuentes. Sina Quintos at Tomas naman ay mga myembro diumano ng BHB at ang iba pang nasugatang mga sibilyan ay "nadamay" lamang daw sa kanilang operasyong militar.

AB

Gawa-gawang mga engkwentro sa Sulu

Pinangalandakan ng rehimeng Arroyo noong nakaraang buwan ang pagkakapaslang ng sumpu umanong elemento ng Abu Sayyaf sa isang oras na sagupaan sa Patikul, Sulu noong Enero 18. Ito'y matapos din ipagmayabang ng rehimeng, kakoro ang imperyalistang amo nito, ang pagkakapaslang sa lider ng Abu Sayyaf na si Abu Sulaiman noong Enero 16. Itinuturing ng rehimeng gayong mga "tagumpay" bilang patunay na wasto at kailangan ang armadong panghihimasok ng US sa bansa. Sinundan pa ito ng pangako ni Gloria Arroyo ng paggamit ng "kamay na bakal" laban sa bandidong grupo. Ngunit taliwas sa mga pahayag ng rehimeng AFP, hindi mga pwersa ng Abu Sayyaf kundi mga ordinaryong Moro at mga myembro ng MNLF ang pinatay ng mga tropa ng AFP sa hiwa-hiwalay na mga insidente noong Enero 18. Sila ay direktang mga biktima ng "gera kontra-terorismo" nina Bush at Arroyo.

Ayon sa mga organisasyon sa Jolo na nagtatanggol sa karapatang-tao, lima sa mga pinaslang ay mga myembro ng Moro National Liberation Front (MNLF). Apat naman ay mga inosenteng sibilyan.

Tatlong myembro ng MNLF ang napatay nang pinaputukan sila ng mga sundalo sa Timpok, Patikul, Sulu

bandang alas-12 ng tanghali noong Enero 18. Naki-pagpalitan ng putok ang noo'y dumadaan sa baryo na isang platun ng Philippine Marines sa mga myembro ng MNLF na noo'y naghahalo ng semento para sa kanilang ginagawang bahay. Kahit marami ang nakasaksi sa aktwal na pangyayari, idineklara ng AFP na "lehitimong aksyong militar" laban sa Abu Sayyaf ang insidente.

Ilang minuto matapos ito, pinaputukan naman ng mga sundalo ang isang pampasaherong *minibus* na may lulang walang tao sa haywey palabas ng Timpok. Lima sa mga pasahero ang namatay dahil dito. Dalawa sa mga ito, ang mag-amang Usman, ay mga myembro rin ng MNLF. Ang iba pa ay ang drayber ng *minibus*, ang kanyang 12-anyos na anak at isa pang pasahero.

Nang mapag-alaman ni Sarail Jaynaltul, 90, byenan at lolo ng mag-amang Usman, ang insidente, galit niyang sinugod ang kampo ng Marines na nababitaan niyang pumatay sa kanila. Binaril siya ng mga sundalo bago pa man siya makapasok sa kampo. Ang tanging hawak ni Jaynaltul noon ay isang pirasong kahoy.

AB



4 na ambus, inilunsad ng BHB

Di bababa sa walang elemento ng kaaway ang napatay sa limang magkakahiwalay na ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Oriental Mindoro, Samar, Northern Samar at Bohol nitong Pebrero. Dalawang riple rin ang inentrega sa BHB ng isang elemento ng CAFGU na sumanib sa Pulang hukbo sa Misamis Oriental.

Sa Oriental Mindoro, tatlong pulis ang napatay nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa Barangay San Juan, Bulalacao, Oriental Mindoro nitong Pebrero 16.

Sa Northern Samar, di bababa sa dalawang sundalo at isang elemento ng CAFGU ang agad napatay at marami pang iba ang malubhang nasugatan nang ambusin ng isang iskwad ng Rodante Urtal Command ng BHB ang 13 elemento ng 52nd IB noong Pebrero 6, alas-2:30 ng hapon. Nagpapatrola ang naturang mga sundalo sa Barangay Paticua, Catarman nang sila'y tambangan. Isang gerilya ng BHB ang nasugatan sa mahigit 30 minutong labanan.

Ang 52nd IB ang rekruter, *handler* at *controller* ng mga pormasyong CAFGU sa Northern Samar. Sila ang utak sa pagrerekrut ng

mga kriminal at masasamang elemento na inoorganisa, inaarmasan at ginagamit ng militar sa pananok sa mga sibilyan.

Samantala, sa prubinsya ng Samar, isang sundalo ang napatay nang tambangan ng mga gerilya ng BHB ang mga elemento ng 543rd Engineering Construction Battalion noong Pebrero 2 sa Barangay Libertad, Matuguinao. Nagpapatupad ang naturang yunit militar ng programang "anti-insurgency" ng rehimeng US-Arroyo, ang KALAHII (Kapit bisig Laban sa Kahirapan) nang sila'y ambusin. Ginagamit ng militar ang KALAHII para pasukin ang mga lugar na pinaghahinalaan base ng BHB.

Sa Batuan, Bohol, isang sundalo ang napatay at dalawa pang iba ang nasugatan nang ambusin ng mga Pulang mandirigma ng Chocolate Hills Command ng BHB ang mga elemento ng 1st Scout Ranger Battalion ng Special Operations Command ng Philippine Army noong Pebrero 3. Walang kaswalti sa panig ng BHB.

Malaking sampal sa militar ang nangyari dahil malaon nang ipinangangalandakan ng AFP na humihina na raw ang BHB sa Bohol.

Sa Misamis Oriental, dalawang M16 ang inentrega sa Eking Balacuit Command ng BHB nitong Pebrero 19 nang sumanib sa mga Pulang mandirigma si Parai Gonzales, isang elemento ng CAFGU. Si Gonzales ay nakasayahan sa detatsmento ng 8th IB sa Barangay Alipuaton, Sallay.

AB



Sabwatang Arroyo-Akbayan kinundena ng Bayan Muna

Mariing kinundena ng BAYAN Mat Bayan Muna ang sabwat-an ng kampong Arroyo at grupong Akbayan para siraan at tanggalin sa eksena ang mga progresibong partido sa darating na eleksyon. Nitong Pebrero, tinangka ng Akbayan na ipadiskwalipika ang Bayan Muna, Gabriela at Anakpawis sa akusa-syong sangkot daw ang mga ito sa pamamaslang ng mga myembro ng Akbayan sa Nueva Ecija. Tatlong balo ang inilitaw at nakabalot ang mukha na iniharap ng Akbayan sa midya upang aku-sahan ang tatlong progresibong partido ng pagpaslang sa kani-lang mga asawa sa Bongabong, Nueva Ecija mula 2001-2004.

Batid ng Bayan Muna at iba pa na layunin lamang nitong sira-in ang magandang pangalan ng mga progresibong partido at pilain ang kanilang kampanya. Batid rin nila na bahagi lamang ito ng maruming kampanya ng rehimeng at ng AFP laban sa mga progresibong partido. Bago pa man pakawalan ng AFP ang kanilang mga alipures sa Akbayan, nakatanggap na ng impormasyon ang Bayan Muna na gagawin ng rehimeng Arroyo ang lahat upang madiskwalipika ang mga progresibong partido.

Kasabay ng pakulo ng Akbayan, maghahapag ng kaso para sa diskwalipikasyon ang PNP laban sa Bayan Muna, Gabriela at Anakpawis batay sa mga huwad na dokumentong natanggap nito. Malisyosong iniuugnay ng PNP ang mga partidong ito sa BHB.

AB

Makinarya at pondo sa pandaraya, nakakasa na

Ilang araw bago magsimula ang kampanya sa eleksyon, itinalaga ni Arroyo si Hermogenes Ebdane, dating hepe ng Philippine National Police, bilang Secretary of National Defense. Katulad ni Lt. Gen. Hermogenes Esperon, hepe ng Armed Forces of the Philippines, si Ebdane ay kabilang sa mga nasangkot sa kontrobersyang "Hello Garci." Nalantad siya roon bilang isa sa mga kasabwat ni Virgilio Garcillano, dating upisyal ng Comelec, sa pag-aayos ng resulta ng eleksyon 2004 sa Mindanao. Si Ebdane rin ang nagtago kay Garcillano noong nawala ito sa mata ng publiko sa loob ng limang buwan.

Sa pamamagitan nina Ebdane at Esperon, inaasahang muling makakasangkapan ang pulisia at militar sa isasagawang pandaraya ng pangkating Arroyo sa darating na eleksyon, katulad ng ginawa nila noong Mayo 2004. Nakipagkutsabahan si Ebdane sa COMELEC upang patuloy na mabigyang-laya ang panghihimasok ng AFP sa eleksyon sa pamamagitan ng pagpapagamit ng mga sasakyen at pangangalaga diumano sa transportasyon ng mga balota.

Samantala, namanipula ng Ombudsman na mai-ligtas ang mga upisyal ng COMELEC na nasangkot sa iba't ibang kaso ng korapsyon, kabilang ang maanomalyang ₱1.3 bilyong kontratang ibinigay nito sa MegaPacific para umano sa mekanisasyon ng eleksyon noong 2004. Hindi lamang nananatili sa COMELEC ang mga upisyal nitong nalantad na kasabwat ni Garcillano sa pandaraya para kay Arroyo noong 2004, nabigyan pa sila ng promosyon.

Kaya naman di kataka-takan laganap ang ka-walan ng tiwala ng mamamayang Pilipino sa COMELEC. Ayon sa pinakahuling sarbey na ginawa ng Ibon Foundation, 71% ng mamamayan ay hindi naniniwala na may kakayahang ang COMELEC na magpatupad ng isang malinis at walang dayang eleksyon.

Samantala, minadaling pinagtibay ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso ang batas para sa pagpalawig pa ng prangkisa ng PAGCOR sa ilalim ng direktang pangangasiwa at kontrol ng Malakanyang. Inaasahang gagamitin muli ni nina Arroyo ang pondo ng PAGCOR para sa pangangampanya, panunuhol at pandaraya sa eleksyon.

AB

"Team Unity," nagkandarapang buuin ni Arroyo

Tahasang nanuhol ang kampong Arroyo ng mga pulitiko mula sa oposisyon at mga popular na artista upang mabuo ang listahan ng mga kandidato nito para senador. Kailangang-kailangan ng kampong Arroyo ang popularidad ng mga ito para hilain ang bagsak na kredibilidad ng sarili nitong mga kandidato at para tabunan ang maraming batikos at akusasyon sa rehimen.

Inalok sila ni Arroyo ng tig-₱150 hanggang ₱250 milyong pondong pangampanya, walang sawang paggamit ng mga helikopter ng AFP, pagsagot ng administrasyon sa mga patalastas sa radyo, telebisyon at pahayagan, pagpatampok sa mga kandidato sa mga programa sa telebisyon at radyo ng gubyerno at higit sa lahat, pinangkuang gagawin ng Malakanyang ang lahat ng paraan para matiyak ang pagpapanalo nila.

Kabilang sa nasuhulan ang mga kandidatong tinanggihan na ng oposisyon, tulad ng mga dating senador na sina Vicente Sotto at Tessie Oreta, gayundin ang

mga alanganing maka-oposisyon at alanganing maka-administrasyon na reeleksyunistang senador na sina Joker Arroyo, Ralph Recto at Edgardo Angara.

AB



Mga korporasyon sa US, nagpapalala sa *global warming*


Nilabas ng Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC) ng United Nations noong Pebrero 2 ang ikaapat na ulat nito tungkol sa problema ng *global warming* o pag-init ng klimang pandaigdig. Ang ulat ay ibinatay sa natipong mga pananaliksik ng daan-daang nangungunang syentistang ispesyalista sa mga pagbabago ng klima.

Tinukoy ng mga syentistang tinipon ng IPCC mula sa 113 bansa na ang nakababalang pag-init ng klima ng mundo, laluna nitong huling 50 taon, ay ibinunga hindi pa pangunahin ng mga natural na sanhi, kundi ng paglason at pagwasak ng tao sa kalikasan. Pangunahing sanhi nito ang ibayong pagkapal ng mga *greenhouse gas* sa atmospera ng mundo (*tingnan ang kaugnay na artikulo*).

Humigit-kumulang 25% ng ibinubugang *greenhouse gas* sa daigdig ay nanggagaling sa US kung saan matatagpuan ang pinakamalaking industriyang nagpoproseso at gumagamit ng petrolyo at kung saan walang gaanong epektibong mga regulasyon para kontrolin ang polusyong likha ng mga iyon.

Ito ang dahilan kung bakit hanggang ngayon ay ayaw pumailalim ng US sa Kyoto Protocol. Ang Kyoto Protocol ay isang pandaigdigang kasunduang nabuo noong 1997 na nagtatadhana ng programadong pagkontrol at pagbabawas ng ibinubugang *carbon dioxide* at lima pang pangunahing *greenhouse gas* nang 5% mula 1999 hanggang 2012. Sa ngayo'y 169 na bansa na ang nakapirma sa kasunduan.

Dahil dito'y lumalakas ang presyur kay Pres. George W. Bush ng US na magkunwang nababahala na rin siya sa *global warming*. Nagpahayag siya kamakailan na hindi ni-



ya ipinaghawalambahala ang usa-pin laluna matapos lumabas ang ulat ng IPCC. Pero kasabay nito, pininalabas ni Bush na hindi pa nai-pipirmi at dapat pang pag-aralan kung ano ba ang sanhi ng *global warming*.

Mula nang maupo siya sa pwesento noong 2001, walang tigil na pininalabas ni Bush na hindi ang US ang pangunahing dapat sisihin sa pagkapal ng mga *greenhouse gas* sa atmospera. Para pagtakpan ang masama nitong rekord, sadyang inililingid ni Bush sa publiko ang tunay na antas ng pagbubuga ng mga *greenhouse gas* sa US sa pamamagitan ng di paglalabas ng ulat hinggil dito. Kaya lantarang kasingnalingan ang sinasabi ngayon ni Bush na mula 2000, isa ang US sa may pinakamahuhusay na rekord sa buong mundo sa pagkontrol ng mga *greenhouse gas*.

Kailanma'y walang ipinakitang kapasyahan si Bush na aksyunan ang usapin. Sa halip, patuloy ang kanyang matigas na pagtutol sa anumang hakbang na mag-oobliga sa mga kumpanyang Amerikano na kontrolin at bawasan ang mga

greenhouse gas na kanilang ibinubuga.

Ang tunay na pinoprotektahan ng gubyernong Bush ay ang interes ng mga monopolyong kapitalistang Amerikano laluna sa industriya ng langis at kuryente na pawang tumututol sa anumang pagkontrol ng estado sa kanilang pagbubuga ng mga *greenhouse gas*. Hinaharang ng mga monopolyong kapitalista ang pagsasagawa ng gayong mga hakbang dahil salungat ito sa kanilang interes.

Ang anarkiya sa produksyon at ang walang kabusugang paghahabol ng tubo sa sistemang kapitalista ang tuwirang nagluluwal ng mapanganib na pag-init ng klimang pandaigdig. Sa ngalan ng tubo, wawasakin ng mga monopolyo kapitalista ang kapaligiran at kahit ang mismong kinabukasan ng sangkatauhan.

Kung gayon, masasawata lamang ang *global warming* kung puspusang kikilos ang proletaryado at mamamayan upang labanan at wakasan ang monopolyo kapitalismo na siyang tunay na ugat ng problema.

AB

Ang puno't dulo ng umiinit na klimang pandaigdig

Ang daigdig ay nababalot ng isang suson ng hangin na tinatawag na atmospera. Bukod sa *nitrogen* at *oxygen*, kabilang sa atmospera ang mga kemikal na tinatawag na *greenhouse gas* tulad ng *carbon dioxide*, *methane*, *nitrous oxide* at iba pa.

Ang mga *greenhouse gas* sa atmospera ay nagsisilbing harang upang makulong at hindi makatakas pabalik sa kalawakan ang sapat na init mula sa araw para mabuhay ang mga hayop at halaman sa lupa. Kung wala ang nasabing mga *greenhouse gas*, walang anumang mabubuhay sa mundo dahil sa sobrang lamig.

Ngunit kapag masyadong kumapal ang naturang mga *greenhouse gas* sa atmospera, malaki nang bahagi ng init ang makukulong sa mundo. Labis naman nitong paaiinitin ang klima na mapanganib din sa lahat ng buhay.

Kumakapal ngayon ang mga *greenhouse gas* na ito laluna ang *carbon dioxide* dahil sa usok mula sa mga panggatong gaya ng petrolyo at karbon (*coal*) na gamit pangunahin ng mga industriya ng malalaking kapitalista. Nakapagpapalala pa rito ang pagkakalbo ng kagubatan na siya sanang likas na sumasala sa *carbon dioxide*.

Ibayong naging mapaminsala ang idinulot ng malalaking kapitalista na pananalanta sa kalikasan nitong nagdaang isang siglo. Mariing tumatangi ang mga imperyalista na kontrolin ang paggamit ng petrolyo at karbon. Nagmamatigas sila sa walang habas na paggamit ng gayong mga panggatong sa kabilang pagkakaroon ng mas malilinis na alternatibo tulad ng *hydroelectric*, *solar* at *nuclear power*.

Nagsimula ang paimbulog na direksyon ng temperatura sa mundo noong kamususan ng sistemang kapitalista bandang kalagitnaan ng siglo 1700 nang magsimula ang malawakang paggamit ng gayong mga panggatong upang paandarin ang mga industriya. Di hamak na mas mabilis ang pag-init ng klima ng daigdig nitong nakaraang 20 taon.

Dumadalas na mga sakuna. Tinataya ng mga syentista na tataas nang 2-11.5° Fahrenheit (1.11-6.39° Sentigrado) ang temperatura ng daigdig pagsapit ng 2100.

Dahil sa tumitinding init, bumibilis ang pagkatunaw ng mga yesong bahagi ng dagat sa dulong hilaga at timog ng mundo. Nagresulta ito sa tuluy-tuloy na paglalim ng karagatan na nagbabantang lumamon sa pinakamabababang kalupaan ng mundo.

Ang mas mataas namang temperatura sa ibabaw ng karagatan ay nagbubunsod ng mas malalakas at mas mapaminsalang mga bagyo at buhawi. Kapansin-pansin ang laki ng pinsalang hatid ng mga bagyo sa iba't ibang bahagi ng mundo nitong nakaraang ilang taon.

Habang ang ilang lugar ay sinasalanta ng mga baha, ang iba naman ay hinahagupit ng tagtuyot at grabeng taggutom at kasalatan sa tubig na maiinom. Tinatayang madaraggagan pa ng 200-600 milyon katao ang mawawalan ng makakain at 1.1-3.2 bilyon pa ang mauubusan ng maiinom na tubig pagsapit ng 2080. AB

Muling pagbubukas ng Lafayette, binatikos

MARIING kinundena ng mamayan ng Rapu-rapu, Albay, mga taong-simbahan at organisasyong pangkalikasan ang pagpayag noong Pebrero 8 ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na muling buksan ang Lafayette Polymetallic Project. Matatandaang ipinatigil ang operasyon ng Lafayette noong Oktubre 2005 matapos gumuho ang *mine tailings dam* nito na ikinalason ng dagat at ikinamatay ng maraming isda sa paligid ng Rapu-rapu.

Bukod sa mga rali, martsa at iba't ibang forma ng protesta, nagpepetisyong ngayon ang mga taga-Rapu-rapu sa mga bangkong nagpopondo sa Lafayette gaya ng ABN AMRO, isang bangkong naka-base sa The Netherlands, ANZ (Australia and New Zealand Banking Group) at Standard Chartered na itigil ang pagpipinansya sa kumpanya dahil sa pinsala sa buhay, kabuhayan at kalikasan na idinudulot nito.

NAPOCOR, pumasok sa maanomalyang mga kontrata

DAGDAG na pahirap na naman sa mamayan ang bagong maanomalyang kontratang pinasok ng NAPOCOR. Pumasok sa 10-taong kontrata ang presidente ng NAPOCOR na si Cyril del Callar sa Lanao Hydro Development Corp. (LHDC) at Kephilco-Salcon (Kepco) para tulungan ang mga *independent power producer* (IPP) na ito na ibenta ang mga suplay nilang kuryente.

Ang LHDC ay isang lokal na kumpanya ng kuryente sa Mindanao na magtatayo ng panibagong

225-megawatt hydropower plant sa Agus, Lanao. Binuho ito ng dating matataas na upisyal ng NAPOCOR na nagbitiw para itayo ang LHDC at makakuha ng mga espesyal na napapaborang kontrata sa NAPOCOR kasaibat ang mga iniwan nilang upisyal doon. Samantala, ang Kepco ay Koreanong kumpanyang kasosyo ng Salcon ng Cebu na magtatayo ng 200-megawatt coal-fired power plant sa Cebu na pagkukunan ng kuryente ng Cebu-Negros-Panay.

Kapalit ng komisyon, pinepresur ngayon ng NAPOCOR ang mga *distribution utility* at *electric cooperative* sa naturang mga lugar na bumili ng kuryente sa LHDC at Kepco kahit mas mahal ang ibebenta nilang kuryente. Ang LHDC ay magbebenta ng kuryente sa halagang ₱4.32/kwh simula 2011 o doble ng halagang aprubado ng Energy Regulatory Commission para sa Mindanao (₱2.1030/ kwh).

Nagmamaang-maangan sina Energy Secretary Raphael Lotilla at Power Sector Assets and Liabilities Management Corp. president Nieves Osorio na may kinalaman sila sa kontrata. Kahit pa ipinagbabawal sa ilalim ng bulok na Electricity and Power Industry Reform Act (EPIRA) ang pagpasok ng NAPOCOR sa mga bagong kontrata sa pagbili ng kuryente, nakakita pa rin ng butas ang mga upisyal ng NAPOCOR at mga nakakasabwat nilang kumpanya na magkamal ng malalaking komisyon at tubo.

Sampal ng mga taga-PMA kay GMA

TANDA ng matindi nang pagkakahiwalay ni Gloria Arroyo maging sa establisimentong militar, malugod na tinanggap ng mga *alumni* ng Philippine Military Academy (PMA) si Senate President Manuel Villar nang magdiskurso siya bilang panauhing pandangal sa *alumni homecoming* ng PMA sa Baguio City nitong Pebrero 17. Ito'y sa kabilang pagtangangka ng Malakanyang na ipabawi sa mga taga-PMA ang imbitasyon sa oposisyunistang senador. Nang hindi pumayag ang mga *alumni* ng PMA sa kagustuhan ni-na Arroyo, sinubukan naman ng Malakanyang na gawing malamig ang pagtanggap kay Villar sa pamamagitan ng pag-uutos ng di pagsasabit ng *welcome streamer* para sa kanya. Ang lahat ng ito ay tinanggihan ng mga taga-PMA na nagbantang mag-walk out kung bastos na tatratuhi si Villar.

Sa kabilang banda, pangungutya ang tugon ng ilang *alumni* ng PMA nang banggitin ang pangalan ni AFP Chief of Staff Gen. Hermogenes Esperon Jr. sa programa.

Binatikos ni Villar sa kanyang diskurso ang pakanang *charter change* ng Malakanyang na aniya'y ginagawa para mabuwag ang Senado at pigilin ang paglulunsad nito ng mga imbestigasyon sa mga anomalyang kinasasangkutan ng gubyernong Arroyo.

Umiigting ang paglaban ng mamamayang Iraqi

TUMINDI ang paglaban ng mga Iraqi nitong Pebrero matapos iutos ni US Pres. George Bush ang pagdaragdag ng 21,000 tropang Amerikano sa Iraq. Anim na helikopter ng US ang napabagsak ng mga gerilyang Iraqi. Nito lamang unang linggo ng Pebrero, 34 na sundalo ng US ang namatay sa mga labanan sa iba't ibang dako ng Iraq. Umaabot na sa 334 pwersa ng US ang namamatay sa loob ng apat na buwan (Oktubre 2006-Enero 2007).


Samantala, lalong umigting ang paghihirap ng mga sibilyang Iraqi. Ayon sa ulat ng UN High Commissioner for Refugees, tinatayang umaabot na sa 2.7 milyong mamamayan ang lumikas mula sa Iraq at posibleng madagdagan pa ito ng isa pang milyon sa susunod na anim na buwan bunga ng isinasagawang "paglilinis" ng mga tropang Amerikano sa Baghdad.

Sa loob ng US, tahasan nang kinastigo ng Kongreso nitong Pebrero ang pagpapadala ni Bush ng dagdag na mga tropa sa Iraq noong Enero. Pati ang mga kapartido ni Bush ay sumama sa mayorya ng mga kongresista sa pagkundena sa patuloy na pagsakop sa Iraq at pagkawasak ng imparastruktura at kabuhayan dito.

Ekonyoma ng US, patuloy na nasasatlak sa krisis

TULUY-TULOY ang paglitaw ng mga palatandaan ng krisis sa ekonyoma ng US. Nitong Enero, umabot na sa \$784 bilyon ang deposit sa kalakalan ng US—ibig sabihin, mas malaki ang gastos nito sa pag-import ng mga produkto kaysa kinita nito sa pag-eeksport noong nakaraang taon. Panlimang taon na ito na binabagabag ng lumalaking deposit sa kalakalan ang US.

Tumaas din ang tantos ng disempreyo dahil sa sunud-sunod na pagsasara ng mga kumpanyang nalulugi. Nito lamang Pebrero 14, inianunsyo ng Daimler-Chrysler, isa sa pinakamalalaking kumpanyang gumagawa ng kotse na magtaggal na ito ng 13,000 manggagawa dahil sa pagkalugi. Tinatayang 9,000 di-to ay nasa mga planta ng Chrysler sa US.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 4

Pebrero 21, 2007

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Batas sa terorismo, ibasura

Maring kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong sambayanang Pilipino ang garapal na pagtutulak ng rehimeng US-Arroyo na maisabatas

ang "anti-terror bill" (ATB). Isa itong tahasang pasistang hakbanging walang ibang layunin kundi gamitin ang buong bangis ng estado para supilin at durugin ang mga patriyotiko, demokratiko at progressibong pwersa at sinumang kumakalaban o tumututol sa naghaharing papet at reaksyunaryong rehimen at sistema.

Pinagtibay ng Mababang Kapulungan ng Kongreso sa isang esesyal na sesyon nitong Pebrero 19 ang ATB, na kabalintunaang tina-

wag na Human Security Act (HSA) of 2007. Sinamantala ni Arroyo ang kontrol niya ngayon sa mayorya ng Kongreso para madaliin ang pagpapatibay sa ATB upang magamit na niya ito para supilin ang matitinding protestang tiyak na sisiklab pagkatapos ng Mayo laban sa malawakang pandarayang gaganwin ng Malakanyang sa eleksyon.

Labis na pinasasaklaw ng HSA ang depinisyon ng "terorismo." Nagpapataw ito ng mga kaparushan at restriksyon sa mga karapatang kahit ng mga pinagsususpects han lamang na "terorista" na pawang labag sa mga saligang karapatang sibil sa ilalim ng kasalukuyang konstitusyon.

Inilagay nito sa kamay ng mga pasistang upisyal ng rehimeng Arroyo ang kapangyarihang supilin ang pinakabatayang mga karapatang ng mamayahan sa ngalan ng "anti-terorismo." Panungunahan ng mga myembro ng sagadsarsing pasistang Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) ang Anti-Terrorism Council. Magsisilbi lamang bilang dagdag na ligal na tabing ang HSA sa



**Mga tampok
sa isyung ito...**

Ang mapanupil
na Human Security Act
of 2007
PAHINA 3

Kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas,
kalunus-lunos PAHINA 4

Ang papalalang
global warming
PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*